



Valley Transportation Authority

# TALAAN NG IMPORMASYON: Mga Express Lane

## Santa Clara Valley Transportation Authority (VTA) na Phase 4 (ika-4 na Yugto) na Express Lane ng Silicon Valley (SR 85/US 101) Proyektong mga Express Lane

### Pangkalahatang-ideya

Nagdidisenyo, nagtatayo, at nagpapatakbo ang Santa Clara Valley Transportation Authority (VTA) na Programang Express Lane ng Silicon Valley ng mga Express Lane sa buong County ng Santa Clara. Malamang na pamilyar ka na sa SR 237 Express Lanes sa I-880 interchange sa Milpitas, na tinutukoy namin bilang Phase 1. Pinalawak ng Phase 2 ang kasalukuyang SR 237 Express Lanes papuntang kanluran hanggang Mathilda Avenue sa Palo Alto Sunnyvale. Ipinatupad ng Phase 3 ang unang Express Lanes sa US 101 sa Mountain View at Palo Alto. Ipinatupad ng Phase 4 ang unang Express Lanes sa SR 85 sa timog na bahagi ng San Jose. Palalawakin ng Phase 5 ang express lanes sa US 101 mula katimugang hangganan ng Phase 3 hanggang I-880 sa San Jose.




### Mga Benepisyo ng Express Lanes

- Mas mahusay na paggamit ng kasalukuyang kalsada.
- Nagbibigay ng bago at maasahang pagpipilian sa pagbyahe.
- Lumilikha ng bago karagdagang pondo para sa transportasyon, kabilang na ang pampublikong transit.

### Mga Katangian ng Proyekto

Iku-convert ng proyektong Phase 4 sa SR 85 at US 101 sa timog San Jose ang kasalukuyang mga pang-isahang linya para sa carpool upang maging Express Lanes sa mga sumusunod na lokasyon: SR mula US 101/SR 85 Interchange sa San Jose sa SR 87, kabilang ang kasalukuyang US 101/SR 85 Direct HOV to HOV Connector Ramps at mga daanang papasok at palabas ng US 101. Kabilang sa mga gawaing ipapatupad ang sumusunod:

- Pagmamarkang muli (re-striping) ng mga kasalukuyang linya ng kalsada;
- Pagkakabit ng mga karatula ng express lane at mga poste sa kahabaan ng koridor;
- Pagkakabit ng mga elektronikong karatula ng toll rate (magkano ang babayaran), toll reader (pambasa ng babayaran), at iba pang kagamitan sa tolling (pagkolekta ng bayad);
- Pagkakabit ng isang sistema ng video may kinalaman sa pagpapatupad, mga closed circuit camera (CCTV), at iba pang kaugnay na kagamitan;
- Pagtatayo ng mga lugar sa pagpapatrolya para sa California Highway Patrol (CHP);
- Muling pagtatayo ng kongkretong harang at mga bakal na bakod;
- Pagkakabit ng mga serbisyong pangkomunikasyon at elektrikal para sa sistema ng pagkolekta ng bayad;
- Paglalagay ng mga ilaw sa iba't ibang lokasyon.

Ang mga gawaing ito ay hindi nangangailangan ng bagong konstruksyon mga bagong linya ng trapiko o ng pagpapalapad ng alinman sa mga kasalukuyang istruktura. Magaganap ang mga trabahong ito sa loob ng umiiral na right-of-way (karapatan sa daan).

### Mga Operasyon

Pagkatapos makumpleto, ang VTA ang siyang magpapatakbo, mangangasiwa at magpapanatili ng mga express lane.

### Iskedyul

Sumangguni sa ***www.vta.org/expresslanes*** para sa iskedyul ng proyekto.

### Paano Makikipag-ugnayan sa Amin

**VTA's Community Outreach**
(408) 321-7575, (408) 321-2330 TTY
***www.vta.org***
***community.outreach@vta.org***

85101SL-Phase4-TAG-081425